

ANG VALLEY FEVER AY MAAARING MAS MALALA PARA SA ILANG GRUPO NG MGA TAO



NASA PANGANIB BA KAYO?

Ang ilang mga tao ay nasa panganib na magkaroon ng Valley fever, at ang ilan pang partikular na grupo ng mga tao ay nasa mas mataas na panganib na magkaroon ng matitinding sakit kung sila ay maiimpektado.

Kabilang sa mga tao na nasa panganib na magkaroon ng Valley fever ang:

- Mga tao na nakatira, nagtatrabaho, o bumiyaha papunta sa o dumaan sa mga lugar kung saan karaniwan ang Valley fever (tulad ng sa Central Valley o Central Coast), lalong-lalo na kung sila ay:
 - » Gumugol ng ilang panahon na nagtatrabaho sa labas ng bahay ng mga gawain kung saan nagkaroon sila nang malapitang kontak sa dumi o sa alikabok, kabilang na ang mga proyektong paghuhukay o pagpapaganda ng tanawing-lupa.
 - » Nakatira o nagtatrabaho sa mga malalapit na lugar kung saan ang dumi at alikabok ay nabubulabog, tulad ng kung may konstruksyon o sa mga lugar na may mga paghuhukay
 - » Ang ginagawa ay mga trabaho kung saan ang dumi at lupa ay binubulabog o nasasagi, kabilang ang sa konstruksyon, mga trabaho sa labas, trabahong pang-militar, at arkeyolohiya

Kung nagtatrabaho kayo sa isang trabaho kung saan ang dumi o lupa ay nabubulabog sa isang lugar kung saan karaniwan ang Valley fever, kayo at ang nag-eempleyo sa inyo ay maaaring makakuha ng karagdagang impormasyon sa **CouldBeValleyFever.org**.

Kabilang sa mga tao na nasa mas mataas na panganib ng malalang Valley fever o magkaroon ng grabeng sakit kung sila ay impektado ang:

- Mga mas matatanda (60+ taong gulang)
- Mga taong Black o mga Pilipino
- Mga babae na buntis, lalong-lalo na iyong mga nasa kabuwanan na ng pagbubuntis
- Mga tao na may diyabetis
- Mga tao na may mga kondisyon ng kalusugan na nagpapahina ng kanilang immune system tulad ng:
 - » Kanser
 - » Impeksyong Human Immunodeficiency Virus (HIV)
 - » Autoimmune na mga sakit
 - » Nagkekemo, nag-i-steroid, o gumagamit ng iba pang mga medikasyon na nakakaapekto sa immune system
 - » Organ transplant



Kumuha ng karagdagang impormasyon at manatiling may kaalaman:

COULDBEVALLEYFEVER.ORG

